


# Mga katotohanan tungkol sa COVID-19 na mga bakuna

## Isa sa mga gamit natin sa paglaban sa COVID-19 na pandemya ay ang mga bakuna (turok).








Upang mahinto itong pandemya, kailangan nating gamitin ang lahat ng ating mga gamit na pampigil. Isa ang mga bakuna sa mga pinaka-epektibong gamit upang maprotektahan ang iyong kalusugan at mapigilan ang sakit. Ang mga bakuna ay nakikipagtulungan sa natural na mga depensa ng iyong katawan upang **ang iyong katawan ay magiging handa upang labanan ang virus**, kung ikaw ay nalantad (tinatawag ding imyunidad). Ang iba pang mga hakbang, gaya ng pagsusuot ng mask na tumatakip sa iyong ilong at bibig at pananatili sa hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa ibang mga tao na hindi mo kasama sa bahay, ay tumutulong ding pigilan ang paglaganap ng COVID-19.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang COVID-19 **na mga bakuna ay napaka-epektibo** sa pagpapanatili sa iyong makaiwas sa pagkakaroon ng COVID-19. Naniniwala rin ang mga eksperto na ang pagkakaroon ng COVID-19 na bakuna ay maaaring tumulong sa iyong maiwasan ang pagkakaroon ng seryosong sakit kahit pa ikaw ay magkaroon ng COVID-19. Ang mga bakunang ito ay hindi makakapagbigay sa iyo ng mismong sakit.




**Ang mga bakunang ito ay ligtas**. Ang sistema ng kaligtasan sa bakuna ng U.S. ay nagsisigurado na ang lahat ng mga bakuna ay ligtas hangga't maaari. Lahat ng mga COVID-19 na bakuna na ginagamit ay dumaan sa parehong mga pagsusuring pangkaligtasan at naabot ang parehong mga pamantayan gaya ng sa anumang iba pang mga bakunang nagawa sa maraming taon. Isang sistema ang isinaayos sa buong bansa na nagbibigay-daan sa CDC upang bantayan ang mga problemang pangkaligtasan at siguruhing nananatiling ligtas ang mga bakuna.



**Makukuha ang iba't ibang mga klase ng COVID-19 na mga bakuna**. Karamihan sa mga bakunang ito ay binibigay sa dalawang turok, paisa-isa at may agwat. Inihahanda ng unang turok ang iyong katawan. Ang pangalawang turok ay ibinibigay sa hindi bababa tatlong linggo pagkatapos para masigurong mayroon kang buong proteksyon. Kung sinabihan kang kailangan mo ng dalwang turok, siguruhing makukuha mo ang parehong iyon. Maaaring kumilos sa konting magkaibang paraan ang mga bakuna, ngunit lahat ng klase ng mga bakuna ay tutulong na protektahan ka.

www.cdc.gov/coronavirus/vaccines



Maaaring magsanhi ng mga side effect ang mga bakuna sa ibang mga tao, gaya ng pangingirot ng mga kalamnan, pagkapagod, o kaunting lagnat. Ang mga reaksyong ito ay nangangahulugang kumikilos ang bakuna para tulungang turuan ang iyong katawan kung paano labanan ang COVID-19 kung ikaw ay malantad. Para sa karamihang mga tao, ang mga side effect na ito ay hindi tatagal sa isa o dalawang araw. **Ang pagkakaroon ng ganitong mga klase ng mga side effect ay HINDI nangangahulugan na ikaw ay may COVID-19**. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong kalusugan pagkatapos ng iyong turok, tawagan ang iyong doktor, nars, o klinika. Gaya ng sa anumang gamot, madalang ngunit posible ang magkaroon ng seryosong reaksyon, gaya ng hindi kayang huminga. Napaka malabong ito ay mangyari, ngunit kung mangyari man, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.




**Kapag kumukuha ka ng bakuna, ikaw *at* ang iyong kawani sa pangangalagang pangkalusugan ay parehong kailangang magsuot ng mga mask.**

Inirerekumenda ng CDC na sa panahon ng pandemya, ang mga tao ay magsuot ng mask na tumatakip sa kanilang ilong at bibig kapag nakikipag-ugnayan sa ibang tao sa labas ng kanilang tahanan, kapag nasa mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, at kapag tumatanggap ng anumang bakuna, kasama ang COVID-19 na bakuna.






**Kahit pagkatapos mong kumuha ng iyong bakuna**, kailangan mong manatiling nakasuot ng mask na tumatakip sa iyong ilong **at** bibig, maghugas ng iyong mga kamay nang madalas, at manatiling malayo nang hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa ibang mga tao na hindi mo kasama sa bahay. Ito ay magbibigay sa inyo at sa iba pa ng pinakamabuting proteksyon mula sa pagkakaroong ng virus. Sa ngayon, hindi alam ng mga eksperto kung gaano katagal kang mapoprotektahan ng bakuna, kaya magandang ideya na patuloy na sumunod sa mga alituntunin mula sa CDC at iyong departamento ng kalusugan. **Alam din namin na hindi lahat ay makakakuha agad ng bakuna, kaya mahalaga pa ring protektahan ang iyong sarili at iba.**







S
T








Lahat ay nagsisimula sa iyo.







